Pamulingan KCAST Journal of Natural and Cultural Sciences
Volume 1, Issue 1 (2025)
ISSN: 3082-6438

# SINING NG SALITA AT PAGPAPAHAYAG: ISANG DISKURSONG PAGSUSURI NG KOMUNIKASYON SA PAMPUBLIKONG LUGAR

**Ivy Grace S. Calipes**
Kapalong College of Agriculture Science and Technology
ivygracesuarezcalipes@gmail.com

## ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong makagawa ng isang pagsusuri sa iba't ibang uri ng mga balbal na salitang nabubuo at ginagamit sa mga pampublikong lugar. Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng kwalitatibong pamamaraan gamit ang dulog na diskurso upang makagawa ng pagsusuri at pag-aanalisa sa 53 balbal na salita o terminolohiya bilang korpora na gagamitin sa pag-aaral na nakalap mula sa masusing pag-oobserba sa aspekto ng pakikipagkomunikasyon sa pampublikong lugar. Batay sa resulta, napag-alamang, una, mayroong siyam na morpolohikal na prosesong tampok sa pag-aaral, kabilang ang panghihiram, pagbabagong semantiko, pagpapaikli, pagbabaliktad, paggamit ng inisyalismo at *acronym*, pagpapalit pantig, tambalan ng mga salita, pagdaragdag at maramihang proseso o kumbinasyon. Ikalawa, ang bawat terminolohiyang balbal ay nagtataglay ng angking morpolohikal na katangian at kahulugan batay sa denotasyon at reperensyal na pagpapakahulugan ayon sa gamit ng salita sa lipunan.

***Mga Susing Salita:*** denotasyong kahulugan, pampublikong lugar, reperensyal na kahulugan, wikang balbal

## INTRODUKSYON

Malikhain ang mga Pilipino sa maraming aspekto higit na sa kaniyang wika. Sa araw-araw na paggamit ng wikang ito, patuloy din itong umuunlad na nagiging dahilan sa paglawak ng saklaw ng bokabularyo (Quia et al. 2018). Kasabay ng pag-unlad ng wika ay ang pag-usbong din ng iba't ibang balbal na salita. Ang balbal ay ang di pamantayang paggamit ng mga salita sa isang wika ng isang partikular na grupo ng lipunan.

Ang mga salitang balbal na ito ang dahilan ng higit na pakikipag-ugnayan sa mga kabataan ng parehong henerasyon, ngunit mayroon itong iba't ibang negatibong epekto sa halos lahat ng aspeto ng lipunan. Napag-alaman na ang wikang Filipino ang pinakanaaapektuhan ng pagbabagong ito, at nanganganib din ang mga kabataang natututong gumamit ng pormal na wika sa pagsasalita at pagsulat kabilang na rito ang kalituhan na nagdudulot ng lamat sa komunikasyon (Velasquez, 2023),

Kaugnay rito, dulot ng patuloy na pag-usbong at paglaganap ng samu't saring balbal na mga salitang nagbibigay lamat sa aspekto ng komunikasyon at talastasan, nahahadlangan nito ang tunguhing makapagbigay ng *quality education* sa mga kabataan. Binigyang diin ni Gaddi et al. (2024) na dahil sa pagbabago ng gamit ng wika ayon sa mga pangangailangan sa komunikasyon ng lipunan, pamumuhay, at iba pa, madalas may mga pagkakaiba sa pagitan ng opisyal na wika na tinuturo sa silid-aralan at ng mga usapin sa labas nito.

Sa napapanahong pagtatalakay sa usaping balbal, iilan sa mga pag-aaral ang kakikitaan ng kaugnayan sa pagsusuri ng balbal na salita. Ilan sa mga ito ay ang ang pagsusuri sa nangungunang estruktura sa pagkakabuo ng mga makabagong salitang balbal sa kasalukuyan ni Noval (2020); ang pag-aaral ni Zhao et al., (2021) na kung saan sinuri niya ang morpo-semantikong proseso at katangian ng mga hindi malinaw na morpema ng tambalang salita sa wikang *Chinese* at pag-aaral ni Jumawan et al., (2019) na nagpapakita ng mga kadahilanan kung bakit naiimpluwensiyahan at mas nawiwili ang mga kabataan sa paggamit ng balbal na salita. Subalit ang pag-aaral na ito ay naiiba sapagkat ito ay nakapokus sa estruktura, kayarian at paraan ng pagkakabuo ng mga balbal na salitang ginagamit sa pampublikong mga lugar at masuri maging ang kahulugan ng bawat salita batay sa gamit nito sa lipunan.

Bukod pa rito, inaasahan na ang pag-aaral na ito ay magbibigay ng karagdagang kaalaman at literatura sa mga paksang patuloy pa ring lumalago at tinatalakay katulad ng balbal at ang pagkamalikhain ng mga tao sa paggawa o pag-imbento ng mga natatanging bokabularyo. Naglalayon din ang pag-aaral na ito na magbigay ng kaliwanagan sa mga balbal na kadalasang ginagamit sa ating lipunan, na maaaring gamitin ng mga guro bilang instrumento sa pagtuturo ng angkop na paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto.

Ang diskursong pagsusuri na ito ay naglalayong makagawa ng isang diskursong pag-aanalisa sa iba't ibang uri ng balbal na salitang nabubuo at ginagamit sa mga pampublikong lugar ng Kapalong, masuri ang estruktura at paraan ng pagkakabuo ng mga salitang balbal, malaman ang kahulugan ng bawat balbal na salita at parirala na ginagamit sa lipunan at maklasipika ang mga ito sa kinabibilangan nitong morpolohikal na proseso.

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa akdang "Linguistic Features of Structure and Use" ni Finegan (2008) para sa pagsusuring morpolohikal upang makuha ang kasagutan sa unang tanong pananaliksik na kung saan ay masusing susuriin ang estruktura at paraan ng pagkakabuo ng bawat balbal na salitang nakalap nang sa ganoon ay maiuri at maklasipika ang mga ito sa angkop na morpolohikal na proseso batay sa konseptong inilatag ni Finegan gaya ng tambalan ng mga salita, paggamit ng inisyal, panghihiram, pagbabaliktad, pagpapalit kahulugan, pagdaragdag, paglikha ng bagong salita, pagbibigay ng bagong kahulugan, reduplikasyon, paghahalo ng pantig at kumbinasyon. Para naman sa semantikong pagsusuri na sasagot sa ikalawang tanong pananaliksik, ang balangkas ni Finegan (2008) ang gagamitin upang makuha ang kahulugan ng panibagong mga salitang umusbong batay sa kung papaano ito nabuo at ginagamit sa lipunan bilang bahagi ng komunikasyon at diskurso.

**Kaugnay na Literatura**

Ang pag-usbong ng balbal ay naging isang mahalagang pangyayaring naging kabahagi sa panahon ng milenyo. Makikilala ang balbal o *slang* na pag-uusap sa mga kapaligiran ng mga kabataan at mga nasa murang edad. Subalit sa paglipas ng panahon, maraming mga balbal na salita ang nabubuo sa bawat lipon ng tao na ginagamit bilang koda sa pakikipag-usap hindi lamang ng mga kabataan kundi maging ng mga bakla at mga may gulang na. Gayunpaman, sa kabila ng pagkakaroon ng iba't ibang wika, ang balbal ay lumilikha ng mas matatas na pag-uusap, higit na pagpapalagayang-loob, at higit na pag-unlad kaysa sa isang pormal na wika. Subalit sa kabilang banda, maraming mga magulang at matatanda ang umaangal tungkol sa gramatika at pananalita ng kanilang mga anak na mahirap unawain (Rezeki & Sagala, 2019).

Bilang karagdagan, ang paggamit ng mga modernong wika gaya ng salitang balbal ay naiiba at nagbabago sa bawat panahon. Ang mga pagkakaibang ito ay karaniwan sa buhay ng mga kabataan sa bawat bansa sa mundo. Ngunit sa bawat bansa, ang bawat wika ay naiiba sa pagbuo ng mga salita nito. Ang mga mapagkukunan pati na rin ang mga pormasyon ng mga naturang salita ay iba sa bawat bansa. Ang mga proseso ng pagbuo ng salita ay ang mga proseso ng pagbuo ng mga bagong salita o termino mula sa paggamit ng mga lumang salita sa mga bagong gamit sa pamamagitan ng ilang proseso (Tambunsaribu, 2019).

Kaugnay rito, napag-alamang ang balbal ay isa sa higit na kawili-wili at sa parehong oras ay mahirap na pangyayaring naganap sa wika. Maraming mga tao ang may kaugnayan at kontribusyon sa pag-usbong ng wikang balbal subalit ang mga mananaliksik sa wika ang siyang kadalasang nagdadala ng balbal o *slang* sa mga diyalektong panlipunan bilang koda upang magkaintindihan. Maraming mga salita ang dumating sa pakikipagdiskurso ng kabataan mula sa mga laro sa kompyuter, nabubuo ang mga ito buhat sa pangangaliangan ng mga kabataan na tumugon sa sitwasyong kinasasangkutan (Izmaylova et al., 2017).

Ang pormal na pag-aaral sa mga inimbentong wika ay nakatuklas ng magandang resulta at nakahihikayat na makitang may sariling kakayahan ang mga ito ngunit magiging mapanganib kung iaangkop sa mga natural na wika na magbubunsod ng kalituhan lalo na sa paraan ng pag-unawa (Bediones, 2018).

Alinsunod nito, ang paggamit ng mga salitang balbal ay may negatibong epekto. Una, maaaring magdulot ito ng kakulangan sa kasanayan sa komunikasyon sa mga mag-aaral dahil madalas itong lumilihis mula sa karaniwang grammar at bokabularyo. Ikalawa, ang bokabularyo ng mga salitang balbal ay limitado at madalas itong nauukit sa tiyak na mga grupo o lugar, na maaaring maging sanhi ng hindi pagkakaunawaan. Ikatlo, ang paggamit ng salitang balbal ay maaaring magdulot ng pagbaba ng propesyonalismo, lalo na sa mga di-pormal na sitwasyon. Ikaapat, maaaring magresulta ito sa maling interpretasyon o pagkakamali sa pag-unawa, dahil kadalasang kailangan ng kontekstuwal na kaalaman upang maunawaan ito nang wasto, na maaaring makaapekto ng negatibo sa mga mag-aaral (Zahid, 2023).

Samakatuwid, ang pag-usbong at paglaganap ng mga balbal o *slang* na salita ay patuloy na umuusbong at nagbabago sa bawat panahon, mabuti man o masama ang dulot nito, ito ay nakapagbibigay ng kulay sa sining ng komunikasyon at bokabularyo. Kaya naman upang maibsan ang ang lamat na maaring maidulot ng mga balbal na salita, mahalagang sipatin at suriing mabuti ang kahulugan at pinagmulan ng mga salitang ito nang sa ganoon ay maging tulay ang mga ito sa maayos na daloy ng pakikipag-ugnayan at mekanismo ng talastasan sa paaralan man at sa lipunan.

## METODOLOHIYA

Sa pag-aaral na ito, gumamit ang mananaliksik ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na magtatampok sa diskursong pagsusuri. Ang kwalitatibong pamamaraan ng pananaliksik ay naglalahad ng detalyadong pananaw ng tao, teksto, at mga hinaing at konteksto ng mga kalahok (Creswell & Poth, 2018). Kaugnay rito, ang diskursong pagsusuri ay kilala bilang isang pag-aaral na nakatuon sa pasulat o pasalitang wika gayundin ang mga di-berbal na aspeto ng komunikasyon gaya ng tono at kilos na may kaugnayan sa sosyal o panlipunang konsepto. Naglalayon din itong

maunawaan kung papaano ginagamit ng mga tao ang wika sa pang-araw-araw na pamumuhay (Luo, 2020).

Samakatuwid, kwalitatibong pag-aaral na nagtatampok sa diskursong pagsusuri ang gagamitin sa pag-aaral na ito upang makalikom ng mga estratehiya at paraan upang maunawaan at maipaliwanag ang mga isyung umuusbong sa kapaligiran sa pamamagitan ng paggamit ng mga materyal gaya ng panayam, mga dokumento at datos ng pagmamasid sa mga kalahok na siyang partikular na gagamitin sa pag-aaral na ito. Ang diskursong pagsusuri ang siyang magbibigay daan upang maunawaan kung paano gumagana, ginagamit at nalilikha ang mga salita taglay ang angking kahulugan ng mga ito sa iba't ibang kontekstong panlipunan. Sa tulong ng diskursong pagsusuri magagawang suriin ng mananaliksik ang kahulugan, estruktura, pinagmulaan at pamamaraan sa pagbuo ng ilang mga salitang malilikom sa pananaliksik.

Ang korporang ginamit sa pag-aaral na ito ay ang 53 terminolohiyang balbal mula sa 51 pahayag na nakalap mula sa masusing pagmamasid ng komunikasyon sa pampublikong lugar. Kaya nagkaroon ng 53 terminolohiya.Sapagkat, mayroong isang pahayag na nagtataglay ng dalawang terminolohiyang balbal, ito ay ang *HNB 11.* Bilang karagdagan, ang mananaliksik ay gagamit ng purposive sampling technique bilang pamamaraan sa pangangalap at pangongolekta ng datos batay sa mga pamantayan at kaangkupan sa pagpili ng balbal na salita bilang korporang ginamit sa pag-aaral a) Kinakailangan na ang mga salitang nalikom ay mula sa pakikipagkomunikasyon ng mga tao sa pampublikong lugar gaya ng plaza, paaralan, terminal, pamilihan, boarding house at iba pa; b) Kinakailangan na ang mga salita ay nasa antas ng balbal ; c) Kinakailangan na ginamit ang mga salita sa aspekto ng pakikipagpanayam sa pagitan ng mga tao partikular sa usapan ng mga kabataan at pakikipagkomunikasyon ng mga may-edad sa lahat ng pampublikong lugar sa bayan ng Kapalong.

## RESULTA AT DISKUSYON

### Morpolohikal na Proseso sa Pagbuo ng Balbal na Salitang Ginagamit sa Pampublikong Lugar

Inilalahad sa Talahanayan 1 ang mga proseso sa pagbuo ng mga salita at ang mga terminolohiya o balbal na salitang naitala mula sa 53 korpora na nakalap sa pananaliksik. Ang mga natuklasang pamamaraan o morpolohikal na proseso sa pagbuo ng mga salita ay ang panghihiram, pagbibigay ng bagong kahulugan, pagpapaikli, pagbabaliktad, paggamit ng inisyalismo at akronim, pagpapalit pantig, paghahalo ng pantig, pagdaragdag at ang kumbinasyon o maramihang proseso na kinabibilangan ng pagbabaliktad at pagdaragdag, pagpapaikli at pagdaragdag, pagpapaikli at pagbabaliktad, panghihiram at pagpapaikli at panghihiram at pagdaragdag.

Kaugnay dito, binanggit nina Grace at Heryono (2022) na ang proseso ng morpema ay kilala rin bilang morpolohikal na proseso. Ang proseso ng morpema ay ang pagbuo ng mga salita sa pamamagitan ng pag-uugnay ng isang morpema sa isa pang morpema. Bukod dito, sinabi rin ni Hamans (2017) na ang pagbabago sa morpolohiya ay hindi nagmumula sa mekanikal o *predictable* na mga proseso; sa halip, ito ay lumilitaw mula sa mga aksyon ng mga gumagamit ng wika. Kung kaya ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa pagtatalakay sa neolohismo o bagong mga terminolohiyang nabuo na nagtataglay ng panibagong anyo at kahulugan.

**Talahanayan 1.1**
*Panghihiram*

| Balbal na salita | Pinagmulang Salita | Kahulugan | Halimbawang pahayag mula sa mga usapan |
|---|---|---|---|
| **Bayot** | Bakla | Ito ay tumutukoy sa isang personalidad na kilos at pusong babae.<br><br>Ito ay isang salitang Bisaya na tumutukoy sa mga bakla. | *Huy* **bayot!** *Sabaa nimo uy gaina ra ka sige ug tabi ba. (HNB 15)* |
| **Gurang** | Matanda | Ito ay tumutukoy sa isang taong nagtataglay ng isang katangian ng may katandaang personalidad.<br><br>Kulubot ang balat at may maraming kapintasan. | *Stress ka dai? Medyo* **gurang** *na gud ka tan-awon. (HNB 16)* |
| **Gurjas** | Gorgeous | Isang uri nang pagpuri sa kagandahang taglay ng isang babae.<br><br>Naglalarawan sa isang babaeng maganda, marikit at kabigha-bighani. | *Pak! Ka* **gurjas** *ba dai. (HNB 2)* |
| **Pikon** | *Pick On* | Isang damdamin ng pagkainis o pagkayamot sa isang tao.<br><br>Isang damdaming ng pagkainis o pagkayamot hinggil sa isang bagay. | *Na***pikon** *nako nimo ha, gaina ra ka sige ug sinamok. (HNB 34)* |
| **Fes** | *Face* | Mukha<br><br>Bahagi ng katawan na kung saan makikita ang mata, ilong, bibig, tainga at kilay | *Ka hamis ug* **fes** *girl uy! Naa kay gi-aaply? (HNB 17)* |
| **Epek** | *Effect* | Ito ay tumutukoy sa isang damdamin na nagdudulot ng pagbabago na bunga ng isang pagkilos.<br><br>Damdamin na nagdudulot ng pagbabago na bunga ng isang pagkilos o sitwasyon. | *Biskan pa ug maglaag-laag mo dira ug taman para pasuyaon ko, Wa-***epek** *na na sa akoa oy kay anad na kaayo ko ma left out. (HNB 18).* |

Ayon kay Nordquist (2019), ang paghiram ay ang proseso kung saan ang isang salita mula sa isang wika ay iniangkop para magamit sa iba. Ang wikang Ingles ay inilarawan bilang isang walang kabusugang tagahiram ng mga salita. Ito rin ay isang pangunahing *donor* na wika para sa

mga nangungunang pinagmumulan ng mga paghiram para sa iba pang mga wika. Bilang karagdagan, ang mga salita na may umiiral na mga kahulugan ay binigyan na ngayon ng iba pang mga kahulugan, na kalaunan ay ginagamit na sa berbal na pakikipagkomunikasyon.

**Talahanayan 1.2**
*Pagbabagong Semantiko*

| Balbal na Salita | Kahulugan mula sa Diksyunaryo | Reperensyal na Kahulugan o konotasyon | Halimbawang pahayag mula sa mga usapan |
|---|---|---|---|
| **Sugar Daddy** | Isang mayamang lalaki na malayang gumagastos sa isang nakababatang tao, sa pangkalahatan ay isang babae o isang gay na lalaki, bilang kapalit ng pagsasama o sekswal na pagpapalagayang-loob. | Kasintahan o partner na maraming pera at ang siyang nagbibigay sa mga luho o pangangailangang pinansyal at pisikal ng kaniyang kapareha. | *Galante kayo akong* **sugar daddy** *guys, gilibre na sad ko. (HNB 35)* |
| **Corny** | Mabutil o hitik sa butil | Hindi nakakatuwa. Isang ekspresyong ginagamit upang ipakitang hindi nakakatawa o nakakabagot ang isang bagay o pahayag. | **Corny** *kayo ka ug joke ikaw ray nalipay gyud. (HNB 38)* |
| **Mani** | Isang mala-oblong na halamang tumutubo at lumalago sa ilalim ng lupa. | Maliit na bagay o madaling gawain | *Ka bright sa among future juestra oy.* **Mani** *raman kaayo ang mga nagtapok nga essays and quiz bai. (HNB 11)* |
| **50-50** | Isang numero na kalahati ng isandaan. | Naghihingalo o nasa kritikal na kalagayan | *Huy gamay kayo ko ug kuha sa exam ba,* **50-50** *gyud ni akong grado. Huhuhu (HNB 27)* |

Ayon kay Xu et al., (2017), ang mga salita ay maaaring magkaroon ng mga bagong kahulugan sa pamamagitan ng pagliit o pagpapalawak ng saklaw ng kanilang sanggunian. Maaari rin itong tawaging *metaphorical extension* dahil ito ay isang pangyayari na lumilikha ng metapora.

**Talahanayan 1.3**
*Pagpapaikli*

| Balbal na Salita | Pinagmulang Salita | Kahulugan | Halimbawang pahayag mula sa mga usapan |
|---|---|---|---|

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Fam** | *Family* | Pamilya<br><br>Isang grupo ng taong binubuo ng ina, ama at mga anak | *Magdagat gud mi this Sunday guys kauban akong* **fam**, *basin gusto mo mukuyog? (HNB 22)* |
| **Fren** | *Friend* | Kaibigan<br><br>Isang katawagang ginagamit bilang *callsign* ng magkakaibigan may malalim na samahan. | *Hai* **fren**, *ka haggard ba? (HNB 25)* |
| **Tol** | Kaputol | Kapatid<br><br>Katawagang ginagamit para sa kapatid na lalaki. | *Uy* **tol**! *Musta? Dugaya nimo nibalik diria oy. (HNB 30)* |
| **Pre** | Pare | Kaibigan<br><br>Isang katawagan para sa kaibigang lalaki. | **Pre**, *chicks pre oh mamords kayo. (HNB 50)* |

Sinabi ni Akut (2020) na ang pagpapaikli ay isang proseso ng pagkakaltas ng mga elemento o pantig sa isang umiiral na salita. Sa pamamaraang ito, pinapaikli ang isang salita sa pamamagitan ng pagkakaltas ng ilang mga titik upang maging mas maikli ang isang salita. Tampok sa prosesong ito ang pagbabago sa baybay ng orihinal na salita upang malikha ang isang panibagong salita.

**Talahanayan 1.4**
*Pagbabaliktad*

| Balbal na Salita | Pinagmulang Salita | Kahulugan | Halimbawang pahayag mula sa mga usapan |
|---|---|---|---|
| **Arat** | Tara | Paanyayang makiisa.<br><br>Isang paanyaya sa kausap na makisabay o makiisa. | **Arat** *na guys, gigutom nako ba asa man ta ron? (HNB 4)* |
| **Ermat** | *Mother* | Ina<br><br>Ang ilaw ng tahanan na siyang madalas na tinatawag na mama o ina. | *Uli nako bai, gahuwat natong dragon. Masuko nasad akong* **ermat** *dugay ko kauli. (HNB 7)* |
| **Erpat** | *Father* | Ama<br><br>Haligi ng tahanan na siyang madalas na tinatawag na papa. | *Tol imong* **erpat** *ba nangita nimo. Nagkita man mi ganina gud. (HNB 8)* |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Lodi** | *Idol* | Hinahangaan, tinitingala o iniidolo.<br><br>Ekspresyon sa pagpapahayag ng paghanga sa taong iniidolo. | *Go number 24,* **lodi***!* *(HNB 9)* |
| **Yorme** | *Mayor* | Pinuno ng isang samahan o organisasyon<br><br>Pinuno o tagapamahala ng silid-aralan. | *Asa si* **yorme** *guys kay magpa perma ko sa library sheets. (HNB 14)* |
| **Nosi** | Sino | Isang katanungang tumutukoy sa isang tao o nilalang.<br><br>Isang katanungan na kumakatawan sa 'sino' | **Nosi** *man 'yong lalaki nga gwapo sa pikas room uy! (HNB 44)* |

Ayon kay Nordquist (2018) na kung titingnan sa unang sulyap ang pagbabaliktad, ito ay kahawig ng pagpapaikli na ang mga salita ay ginagawang mas maikli sa pamamagitan ng karaniwang pagkakaltas ng pantig.Sa pamamaraang ito, ang isang orihinal na salita ay binabasa o sinusulat ng pabaliktad upang magkaroon ito ng panibagong anyo at katangian.

**Talahanayan 1.5**
*Paggamit ng Inisyalismo at Akronim*

| Balbal na Salita | Komponente ng Pinagmulang Salita | Kahulugan | Halimbawang pahayag mula sa mga usapan |
|---|---|---|---|
| **G** | G | *Game*<br><br>Ekspresyong ginagamit upang ipahayag na makikisali ang isang tao. | *Maglaag ta guys, free mo unya? Unsa man* **G***? (HNB 10)* |
| **SKL** | S+K+L | *Share* Ko Lang<br><br>Katagang nagpapahayag ng pagbabahagi ng pansariling opinyon o karanasan. | *Huy guys ganina ba kay nakakita kog gwapo habang nagpotpot ko paingon dri. Hahaha***, SKL** *(HNB 19)* |
| **TBH** | T+B+H | *To Be Honest* | **TBH** *guys no, matingala kos uban classmate nato ba* |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | Ipinahahayag ng isang tao ang katotohanan o tunay na nararamdaman | *kay paspas kayo maka answer sa assignment.* *(HNB 21)* |
| **HM** | H+M | *How Much*<br><br>Katanungang kumakatawan sa 'magkaano' | *Papalita ko ana ate,* **HM** *ang isa?* *(HNB 37)* |
| **LOL** | L+O+L | *Laugh Out Loud*<br><br>Ekspresyong nagpapakita ng labis na pagtawa ng nagsasalita. | *Nya happy na ka ana?* **LOL** (HNB 39) |

Ayon kay Nordquist (2019), ang akronim ay nabubuo sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga unang titik ng isang hanay ng salita at binibigkas ang mga ito bilang isang salita. Samantala, sinabi naman ni Sahardin et al. (2020) na ang inisyalismo ay nilikha din sa pamamagitan ng pagkuha ng mga unang titik ng isang hanay ng mga salita at pagsasama-sama ng mga ito sa isang anyo. Bukod dito, inilahad sa pag-aaral ni Hasanah (2022) na ang pinakamadalas na ginagamit na balbal na salita ng mga mag-aaral sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagkomunikasyon sa lipunan ay ang *acronym* o akronim. Samakatuwid, kasabay ng pagbabago ng panahon ay ang pag-usbong rin ng samu't saring salita na nagtataglay ng angking katangian.

**Talahanayan 1.6**
*Pagpapalit Pantig*

| Balbal na Salita | Pinagmulang Salita | Kahulugan | Halimbawang pahayag mula sa mga usapan |
|---|---|---|---|
| **Jukaw** | Ikaw | Isang panghalip na tumutukoy sa ikalawang panauhan<br><br>Ginagamit ito upang ituro ang isang tao. | **Jukaw** *nagkaon sa akong sud-an nga gibilin? (HNB 26)* |
| **Jumega** | Amiga/amega | Kaibigan<br><br>Malapit na kaibigang maaring lalaki o babae | *Ka gwapa sa akong* **jumega** *oy.* *(HNB 36)* |
| **Juntis** | Buntis | Nagdadalang tao<br><br>Isang babae na nagdadala ng buhay sa sinapupunan. | *Dai kapansin ka sa atong klasmet murag nagdaot lagi siya, feeling nako no* **juntis** *na siya.* *(HNB 41)* |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Jowa** | Asawa/kasintahan | Kasintahan o partner<br><br>Kabiyak ng puso o minamahal ng isang tao | *Dai imong* **jowa** *oh paingon na diri, hala pag pa gwapa na diha. (HNB 43)* |
| **Palpak** | Lagpak | Bigo<br><br>Isang pangyayari na kung saan nabigo ang isang tao na gawin ang isang bagay. | **Palpak** *kaayo imong plano ba, awa na ni ron nangalisang na ta. (HNB 45)* |
| **Torpe** | Tyope | Isang taong maaring naduduwag o natatakot aminin ang nararamdamang paghanga sa isang tao.<br><br>Walang lakas ng loob na ipahayag ang tunay na nararamdaman | *Isulti na imong feelings sa imong crush tol, Ayaw pag* **tinorpe***, awa maunhan jud ka. (HNB 46)* |
| **Bokreto** | Sekreto | Lihim<br><br>Pagiging lihim o sekreto ng isang bagay. | **Bokreto** *lang jud kay basin ma issue ta. (HNB 51)* |
| **Juestra** | Maestra | Guro o tagapagturo<br><br>Isang taong nagtuturo at nagpapahayag ng isang tiyak na dispilina | *Ka bright jud sa among future* ***juestra*** *oy. Mani raman kayo ang mga nagtapok nga essay ug quizzes bai. (HNB 11)* |

Sa talahanayang ito, mahihinuha na pagpapalit-pantig ang morpolohikal na prosesong ginamit sa pagbuo ng panibagong salita. Sa pamamaraang ito, pinapalitan ng titik ang unang pantig upang makagawa ng isang panibagong salita. Tampok sa prosesong ito ang pagbabago sa baybay ng orihinal na salita upang malikha ang isang panibagong salita.

**Talahanayan 1.7**
*Tambalan ng mga Salita*

| Balbal na Salita | Pinagmulang Salita | Kahulugan | Halimbawang pahayag mula sa mga usapan |
|---|---|---|---|
| **Pabida** | Para+bida | Nagnanais na sa kaniya nakasentro lahat ng atensiyon.<br><br>Isang taong naghahangad ng | **Pabida** *kayo atong classmate dai ba, mura jud ug hawod. (HNB 47)* |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | maging bida sa mata ng lahat. | |
| **Pa-fame** | Para+*famous* | Naghahangad na maging sikat, kilala at tanyag.<br><br>Nagnanais itong maging sikat sa komunidad na kinabibilangan niya. | **Pa-fame** *kayo si Bff dae, mura ra ba ug angayan di ra ba gyud. (HNB 48)* |

Ayon kay Akut (2020), ang pagbuo ng salitang tambalan ay isa pang proseso na lumitaw sa pagsusuri ng mga panibagong likhang salita. Ito ay kumbinasyon ng dalawang magkaibang salita upang makabuo ng iisang anyo. Sa pamamaraang ito nabubuo ang isang salita sa pamamagitan ng paghahalo ng pantig ng dalawang magkaibang salita upang makabuo ng isang panibagong salita na nagtataglay ng bagong anyo at katangian.

**Talahanayan 1.8**
*Pagdaragdag*

| Balbal na Salita | Pinagmulang Salita | Kahulugan | Halimbawang pahayag mula sa mga usapan |
|---|---|---|---|
| **Isputing** | Puti<br><br>Is+puti+ng | Nakadamit ng maayos, malinis at disente<br><br>Isang taong nakadamit ng maayos. | **Isputing** *man kayo ka bai, asa naman sab ka manguyab? (HNB 6)* |

Ayon kay Samola et al., (2018), ang paglikha ng mga salitang balbal ay lubos na arbitraryo, dahil nasisiyahan sila sa paglalaro ng mga salita at pagpapakita ng kanilang pagkamalikhain. Marami sa mga salitang ito ay nabuo sa pamamagitan ng pagtanggal o pagbabago ng mga partikular na titik, pagdaragdag ng mga bagong titik, o pagpapalit ng baybay, na nagreresulta sa pagbuo ng mga natatangi at nalihis na mga salita.

**Talahanayan 1.9**
*Kumbinasyon – Pagbabaliktad at Pagdaragdag*

| Balbal na Salita | Komponente ng Pinagmulang Salita | Kahulugan | Halimbawang pahayag mula sa mga usapan |
|---|---|---|---|
| **Dabarkads** | Barkada<br><br>da+bar+kad+s | Grupo ng mga kabataang magkakaibigan<br><br>Grupo ng kabataang nabuo bunga ng sosyal na interaksyon. | *Asa naman imong mga* **dabarkads** *dai, kay mangadto na ta sa townsquare. (HNB 13)* |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Tomguts** | Gutom<br><br>tom+gut+s | Kumakalam ang tiyan<br><br>Paglalarawan ng pagka-akit sa pagkain | *Humuta sud-an oy, maka* **tomguts** *man ug samot. (HNB 31)* |
| **Sok** | Ko<br><br>s+ok | Panghalip na tumutukoy sa sarili<br><br>Panghalili sa pangalan na tumutukoy sa sarili | *Karon pa pod* **sok** *ka knows nga dili na ma open ang link. (HNB 40)* |
| **Doofs** | **food**<br><br>doof+s | Pagkain o maraming pagkain<br><br>Tumutukoy sa masaganang pagkain | *Mamista ta ila Jerson guys, sure ko daghan kayo ug* **doofs** *didto. (HNB 42)* |

Ayon kay Harared at Iriyansah (2018), ang laganap na *slang* sa pangkat na ito ay pangunahing binubuo ng *clipping, blending*, panghihiram ng salita, inisyalismo at *derivation* sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga tiyak na panlapi o mga hulapi. Sa mga ganitong uri, ang paghahalo ay ang pinakamadalas na ginagamit.

**Talahanayan 1.10**
*Kumbinasyon – Pagpapaikli at pagdaragdag*

| Balbal na Salita | Komponente ng Pinagmulang Salita | Kahulugan | Halimbawang pahayag mula sa mga usapan |
|---|---|---|---|
| **Tisoy** | *Mestizo*<br><br>*Mestizo*-mes-z+s+y | Isang lalaking maputi o may lahi.<br><br>Panghalili ng salitang gwapo o pogi. | **Tisoya** *jud bataa uy! (HNB 5)* |
| **Bagets** | Bagito<br><br>Bagito-o+s | Bata pa o nasa murang edad.<br><br>Ekspresyong ginagamit para sa batang pagmumukha | *Ganahan ko sa imong bag-ong gupit lei,* **bagets** *kayo ka tan-awon. (HNB 12)* |
| **Pinoy** | Pilipino<br><br>Pilipino-pili+y | Mga tao o mamamayang naninirahan sa Pilipinas.<br><br>Pagkakakilanlan na kaakibat sa katangian ng mga Pilipino. | *Hutda na ni ninyo ang sud-an oh, ka* **Pinoy** *gyud oy gibinlan pa jud ug isa. (HNB 20)* |
| **Tisay** | *Mestiza*<br><br>*Mestiza*-mes-z+s+y | Isang babaeng maputi o may lahi | *Ganahan kos imong new hairstyle dai,* **tisay** *kayo ka tan-awon. (HNB 32)* |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | Panghalili sa katawagang maganda o mayumi. | |
| **Mamords** | Marmol<br><br>Marmol-rl+rd+s | Maputi at makinis<br><br>Babaeng makinis at maputi | *Pre, chicks pre oh* **mamords** *kayo. (HNB 50)* |

Sa talahanayang ito, mahihinuha na pagpapaikli at pagdaragdag ang kombinasyon ng morpolohikal na prosesong ginamit sa pagbuo ng panibagong salita. Binubuo ang panibagong balbal na salita sa pamamagitan ng pagpapaikli ng orihinal na salita at pagkatapos ay dinaragdagan ito ng mga titik o di kaya ay pantig.

**Talahanayan 1.11**
*Kumbinasyon – Pagpapaikli at Pagbabaliktad*

| Balbal na Salita | Pinagmulang Salita | Kahulugan | Halimbawang pahayag mula sa mga usapan |
|---|---|---|---|
| **Yosi** | Sigarilyo<br><br>Sigarilyo – garil = siyo | Isang manipis at pabilog na rolyo ng papel na naglalaman ng *tobacco.* Patpat na sinisindihan at naglalabas ng usok na hinihithit buga ng mga tao. | *Papalita ko ug* **yosi** *dai, tagpila ang stick? (HNB 28)* |

Sa hanay ng mga salitang ito, makikita ang dalawang pamamaraang ginamit sa pagbuo ng panibagong salita ang pagpapaikli at pagbabaliktad. Binubuo ang panibagong balbal na salita sa pamamagitan ng pagpapaikli ng orihinal na salita at pagkatapos ay binabaliktad ito sa pamamaraang papantig o buong salita.

**Talahanayan 1.12**
*Kumbinasyon – Panghihiram at Pagpapaikli*

| Balbal na Salita | Komponente ng Pinagmulang Salita | Kahulugan | Halimbawang pahayag mula sa mga usapan |
|---|---|---|---|
| **Wersa** | *where* + asa | Isang katagang kumakatawan sa katanungang 'saan' | **Wersa** *naman ang uban oy, kapoy na kayo ug hulat ba. (HNB 3)* |
| **Selfie** | *self* + *picture* | Pagkuha ng larawan sa sarili. | *Ayaw sige ug apil-apil dhaa di kay mag* **selfie** *ko. (HNB 23)* |
| **Forda** | *for* + *the* | Isang ekspresyon sa pagpapahayag tungkol sa | **Forda** *go ta ninyo sa atong plans this* |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | isang bagay na gagawin ng isang tao. | *Thursday ha. (HNB 24)* |
| **Groufie** | *group + picture* | Pagkuha ng larawan sa grupo ng magkakaibigan. | **Groufie** *ta guys, smileee.! (HNB 49)* |
| **Sikyo** | Secu<br><br>*Security* – rity | Tagabantay at tagapagpanatili ng seguridad sa isang establisiyemento o kumpanya. | *Lagot kayo ang* **sikyo** *sa Palawan ba, asta ka strikto masuko pa jud ug saba. (HNB 29)* |

Sa talahanayang ito, makikita ang dalawang pamamaraang ginamit ang panghihiram at pagpapaikli. Binubuo ang panibagong balbal na salita sa pamamagitan ng panghihiram ng mga salita mula sa ibang wika at pagkatapos ay pinapaikli ang mga ito sa pamamagitan ng pagkakaltas ng ilang mga titik o pantig.

**Talahanayan 1.13**
*Kumbinasyon - Panghihiram at Pagdaragdag*

| Balbal na Salita | Komponente ng Pinagmulang Salita | Kahulugan | Halimbawang pahayag mula sa mga usapan |
|---|---|---|---|
| **Purita** | *Poor* + ita | Mahirap at walang pera | **Purita** *man mi ron ate oy!Sunod na lang. (HNB 1)* |
| **Cryola** | *Cry* + ola | Umiiyak<br><br>Salitang nagsasaad ng kilos ng paghikbi o pag-iyak. | *Naunsa diay to si Leah, nag* ***crayola*** *lagi ang babaye. (HNB 33)* |

Sa talahanayang ito, mahihinuha na panghihiram at pagdaragdag ang kumbinasyon ng morpolohikal na prosesong ginamit sa pagbuo ng panibagong salita. Binubuo ang panibagong balbal na salita sa pamamagitan ng panghihiram ng mga salita mula sa ibang wika pagkatapos ay dinaragdagan ito ng mga titik o di kaya ay pantig upang umusbong ang panibagong salitang may ibang baybay.

**Morpo-semantikong Katangian ng Balbal na Salita sa Pampublikong Lugar**

Sa Talahanayan 2, ang muling pagkabuhay at pag-usbong ng mga karaniwang terminong balbal na ginagamit sa pakikipagkomunikasyon ng tao sa lipunan ay bumubuo ng parehong diksyunaryo at reperensyal na kahulugan. Ang kahulugan mula sa diksyunaryo ng mga termino ay partikular na nagsasabi ng denotasyon at tahasan o direktang kahulugan ng paggamit nito. Samantala, ang *referential* na kahulugan naman ay nakadepende sa konteksto ng kultura at mga personal na katangiang nakakawing sa pinagmulan ng salita. Gayunpaman, mayroong mga bagong anyo ng morpema o pantig ang nabuo na hindi nagtataglay ng kahulugan mula sa diksyunaryo. Sapagkat, ang mga ito ay bagong likhang salita na umusbong kasabay ng paglawak ng wikang ginagamit ng tao.

Ang tungkulin ng mga salitang balbal na umusbong sa lipunan ay nakahanay lamang sa sosyal, pisikal at panlibangang gamit. Sa aspekto ng sosyal na mga terminolohiya, ang mga salita ay ginagamit sa pakikipag-ugnayan at pakikipagkomunikasyon sa lipunan o grupong kinabibilangan. Maaring ginagamit ang mga salitang ito upang mapagtibay ang sosyal na interaksyon at relasyon sa kapwa partikular sa mga taong nakapalibot sa iyo o malalapit na mga tao gaya ng kaibigan o kapamilya. Bukod dito, nariyan din ang mga pampisikal na hanay ng mga terminolohiya na kung saan ginagamit ang mga salitang ito upang ilarawan o ipahayag ang damdamin at saloobin batay sa obserbasyon sa pisikal na kaanyuan at katangian ng isang tao.

Ayon kay Simatupang (2022) ang mga tao ay hindi maaaring makipag-usap nang walang wastong wika. Sapagkat, ang pagpapalaganap ng impormasyon at wika ay isang uri ng interaksyon sa lipunan. Mayroong tungkulin ang wika upang makamit ang layunin sa loob ng komunikasyon. Ito ay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ilang kilos, halimbawa ng pagsasabi, pagtatanong, pagbati, o kahit na pagtugon. Sa pangkalahatan, mayroong isang kayamanan ng pagkamalikhain sa wika na hindi pa nakapasok sa diksyunaryo ngunit sumasalamin na sa naiibang papel ng wika bilang mekanismo ng pagkaya sa mga pagbabagong nagaganap sa wika. Ang mga makabagong paggamit na ito ay nagpapahintulot sa tao na pangalanan ang anumang nangyayari sa mundo.

**Implikasyon sa Pagtuturo ng Wika**

Nagbibigay daan ang pag-aaral na ito upang maibsan ang kalituhan at makapagbahagi ng lubos na pag-unawa hinggil sa katangian, anyo, kahulugan at tamang paggamit ng mga balbal na salita upang malinaw at maayos na makapagpahayag sa aspekto ng pagtuturo at pakikipag-ugnayan.

Magsisilbi ring daan ang pag-aaral na ito upang galugarin at unawain ang galaw at daloy ng wika sa lipunan. Gayundin upang masipat at masuri ang malikhaing proseso ng bawat balbal na salitang umuusbong, ginagamit, lumalaganap at yumayabong na kadalasa'y dahil sa pagbabago ay nagdudulot ng lamat sa sining ng pakikipag-komunikasyon.

Gamit ang resulta ng pag-aaral na ito, magsisilbi itong batayan at saligan ng mga guro upang mapagtibay ang kanilang kaalaman at mapalawak ang kanilang ideya at estratehiya sa pagtuturo ng angkop na paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing daan sa mga guro na gumawa ng interbensiyon upang maituwid at maituro sa mga bata ang pormal na batayan sa paggamit ng wika lalo na kung susundin ang ortograpiya ng wikang Filipino. Ang resulta ay magsisilbi ring tulay sa ibang mananaliksik na palawakin pa ang nasimulang pag-aaral na ito, alinsunod sa mga saklaw at limitasyon ng kasalukuyang pag-aaral.

**Konklusyon**

Sa tulong ng mga sanligan, pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ang magkamit ng kaalaman hinggil sa kung papaano nabubuo at nagtataglay ng kahulugan ang bawat terminolohiyang balbal na ginagamit sa mga pampublikong lugar sa aspekto ng pakikipagkomunikasyon at talastasan. Gamit ang akda ni Finnegan (2008) bilang pangunahing teoryang pinagbatayan ng

pagsusuring ito, mahihinuhang ang bawat balbal na salita ay nagtataglay ng angking katangian, anyo at kahulugan. Mayroon din itong morpolohikal na prosesong pinagdadaanan bago mabuo at umusbong ang isang panibagong terminolohiyang ginagamit sa lipunan. Bilang karagdagan, mayroong mga salitang nagtataglay ng kahulugan batay sa reperensyal na pagpapakahulugan o batay sa gamit ng salita sa lipunan. Nagtataglay ang mga salitang ito ng angking kahulugan batay sa gamit, pinagmulan at sosyal na katangian ng bawat salita.

## TALASANGGUNIAN


Akut, K. B. (2020). Morphological analysis of the neologisms during the covi-19 pandemic. *International Journal of English Language Studies*

Bediones, G. L. S. (2018). "Bekilipino" Ang Pagladlad ng Gay Lingo sa Kultura at Wikang Filipino, e-book.

Creswell, J.W. and Poth, C.N. (2018) Qualitative Inquiry and Research Design Choosing among Five Approaches. 4th Edition, SAGE Publication Inc., Thousand Oaks

Finegan, E. (2008). Language its structure and use, Fifth edition. Thomson Higher Thomson Place Boston, MA 02210-1202 USA

Gaddi, J. A. G., Serato, J. C., Digal, E. S., & Frias, J. L. (2024). Learning Gap Assessment in Filipino Sa Piling Larangan (Tech-Voc). *European Journal of Humanities and Educational Advancements*, 5(3), 51-55.

Grace, R. S. M. U., & Heryono, H. (2022). Abbreviations Used by Millennials on Instagram: A Morphosemantic Study. Ethical Lingua: Journal of Language Teaching and Literature,

Hamans, C. (2017). Language change and morphological processes. In *Yearbook of the Poznań Linguistic Meeting*. Uniwersytet im. Adama Mickiewicza w Poznaniu. DOI: 10.1515/yplm-2017-0001

Harared, N., & Iriyansah, M. R. (2018). Slang Analysis of the Conversation among Drivers Gosend by Gojek: A Case Study in Whatsapp Group. In *Seminar Nasional Struktural 2018* Dian Nuswantoro University

Hasanah, V. (2022). *A Study of English Slang Words Used By 8th Semester Students In Daily Conversations Through Social Network At English Study Program Of FKIP UIR* (Doctoral dissertation, Universitas Islam Riau).

Izmaylova, Guzel & Zamaletdinova, Gulyusa & Zholshayeva, Maira. (2017). Linguistic and Social Features of Slang.

Jumawan, H., Bellosa, M.K., Maniuang, C.K., Lagumbay, J.A., Pillo, M.P. (2019). Mga Epekto ng salitang balbal at salitang kanto sa wikang Filipino.

Luo, A. (2022, December 05). Critical Discourse Analysis | Definition, Guide & Examples. Scribbr.

Nordquist, R. (2018). *Definition and Examples of Back-Foramtion.* ThoughtCo.

Nordquist, R. (2019). How neologisms keep English alive. ThoughtCo.

Nordquist, Richard. (2020). Definition and examples of English morphology.

Noval, (2020). International Journal of Research Studies in Education. Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wika ng kabataan:Isang pagsusuri DOI: 10.5861/ijrse.2020.5069

Quia, L. J. M., Rivera, N. A. R., Rustia, J. E. R., Tinio, M. J. L., & Varona, A. P. (2018). Study on the impact of the use of slang on selected students of 11 ABM [Pag-aaral tungkol sa epekto ng paggamit ng mga salitang balbal sa piling mag-aaral ng 11 ABM] [Tesis, University of Perpetual Help System Dalta]

Rezeki, T. I., & Sagala, R. W. (2019). Semantics Analysis of Slang (SAOS) in Social Media of Millennial Generation. *KREDO: Jurnal Ilmiah Bahasa Dan Sastra*, https://doi.org/10.24176/kredo.v3i1.3865

Sahardin, R., Hudiya, S., & Samad, I. S. (2020). An investigation of Word Formation Processes of Indonesian Slang Words. Humanities and Social Sciences Reviews. https://doi.org/10.18510/hssr.2020.8322

Samola, N. F., Andries, F. A., Kumayas, T. A., & Rorimpandey, R. S. (2018). Morphological Analysis of Slang Words Spoken by Transgender Community in Manado. In *1st International Conference on Social Sciences (ICSS 2018)*. Atlantis Press

Simatupang, Ervina CM. (2022). Presupposition in Kevin Hart's Stand up Show Titled "Let Me Explain" in 2013: A Pragmatic Study. *SPECIALUSIS UGDYMAS / SPECIAL EDUCATION 2022*

Tambunsaribu G. (2019). The morphological process of slang words used by teenagers in Jakarta and its negative effects in their academic qualifications. *Journal of Applied Studies in Language.* Volume 3 Issue 2, p-issn 2598-4101, e-issn 2615-4706 http://ojs.pnb.ac.id/index.php/JASL

Velasquez, Arman Jay. (2024). Semantikong Histo-Sikolohikal na Pag-aaral: Piling Balbal na Salita ng mga Batang Gen-Z sa General Malvar St., Siyudad Davao.

Xu, Y., Malt, B. C., & Srinivasan, M. (2017). Evolution of word meanings through metaphorical mapping: Systematicity over the past millennium. Cognitive psychology, https://doi.org/10.1016/j.cogpsych.2017.05.005

Zhao, S., Wu, Y., Tsang, Y.K., Sui, X., & Zhu, Z. (2021). Morpo-semantic analysis of ambiguous morphemes in Chinese compound word recognition: An Fmri study. Neuropsychologia, 157, 107862.

Zahid, L. (2023, June 24). *Slang, while commonly used in informal settings and everyday conversations, can have a negative….* Medium.